

Maaaring may karapatan ka sa isang pansamantalang bakasyon sa pagbabayad (pagpipigil), o maaaring may mga ahensya na makakatulong sa pagbabayad ng iyong sangla kung nagkakaproblema ka. Karamihan sa mga pederal na nakasegurong mga pautang (Fannie Mae, Freddie Mac, VA, USDA/Rural Housing Services [Mga Serbisyo sa Pangkabukirang Pabahay]), ay isasaalang-alang ka para sa isang pagtitigil ng kabayaran kung ang iyong bahay ay ipinahayag na nasa isang pederal na kalamidad na lugar at maaaring isaalang-alang ka kahit na ito ay ipinahayag lamang ng estado. Ang lahat ng ito ay may mga programang pagbabago sa pautang na maaari kang mag-aplay kung ikaw ay sumisikap na magbayad. Kahit na wala kang isa sa mga ganitong uri ng mga pautang, huwag mag-atubiling magtanong sa iyong tagapagbigay-serbisyo sa sangla para sa tulong na kailangan mo. Kung ikaw ay isang residente ng California na may mga tanong tungkol sa iyong mga pagpipilian, makipag-ugnay sa Housing and Economic Rights Advocates (HERA) [Mga Tagataguyod ng Mga Karapatan sa Pabahay at Ekonomiko] sa inquiries@heraca.org, o mag-iwan ng isang mensahe para sa HERA sa 510 271-8443 ext. 300.

Paghahatid ng Koreo

Magtayo ng isang alternatibong lugar para sa paghahatid ng koreo, tulad ng isang P.O. Box sa isang lunsod na hindi naapektuhan ng kalamidad. Magbigay ng alternatibong adres sa iyong tagapagbigay serbisyo sa sangla, iyong bangko, taga-empleyo, IRS, tagatasa ng buwis ng kondehan, mga lokal na paaralan kung ikaw o ang mga bata ay nakarehistro, at mga kompanya ng seguro.

Pag-iwas sa Mga Pandaraya

Mahirap paniwalaan na ang ilang mga mandaraya ay espesyalista sa pagsisikap na magnakaw mula sa iyo sa panahon ng kapahamakan, nguni't ito ay totoo. Patunayan ang pagkakakilanlan ng sinumang nakikipag-ugnay sa iyo sa pamamagitan ng telepono, email, teksto o koreo. Huwag magbigay ng personal na impormasyon ng kontak sa sinuman na umaabot sa iyo na hindi ka nakikipag-ugnay. Kung pinaghihinalaan mo ang isang pandaraya, iulat ito sa Federal Trade Commission sa ftc.gov

Pagtugon Sa Isang Kalamidad : Mga Tip para sa Mga May-ari ng Bahay

Ikaw ba ay isang may-ari ng bahay na nagtataka kung saan magsisimula sa pagtugon sa isang kalamidad? Naririto ang iyong isang-pahinang pilyegong tip upang tiyaking hindi mo malilimutan ang anumang bagay. Para sa higit pang mga detalye, o kapag may pagdududa, pumunta sa www.disasterassistance.gov

Buwis sa Ari-arian

Karamihan sa inyo ay may mga buwis sa inyong ari-arian na nasa nakatiwala, na nangangahulugan na ang inyong mga buwis sa ari-arian ay kinolekta mula sa inyo sa pamamagitan ng iyong tagapagbigay-serbisyo sa sangla bawa't buwan. Para sa inyo na nagbabayad ng inyong mga buwis sa ari-arian ng sarili tuwing 6 na buwan, makipag-ugnayan sa inyong probinsyang opisinal tagatasa ng buwis ng inyong upang makita kung isasaalang-alang nilang magbigay ng bakasyon sa pagbabayad, kung kailangan mo.

Seguro

Ang Mga Samahan ng County Bar sa buong estado ay nag-aalok ng walang bayad at mababang-halagang payo sa iba't ibang mga problema, kabilang ang pagseseguro. Kung nakaranas ka ng sira, makipag-ugnay sa iyong tagapagbigay ng seguro upang gumawa ng isang paghahabol, at subaybayan ang lahat ng pakikipag-ugnayan (mas mabuti sa pamamagitan ng email upang magkaroon ng isang talaan).

Pisikal na Paglilinis

Kumuha ng propesyonal na tulong sa paglilinis, at magsuot ng proteksyong kagamitan kahit sa pagkalikot sa paligid upang maghanap ang mga ari-arian. Ang Pederal na Emergency Management Agency (Ahensya sa Pamamahala ng Emerhensiya) ay mayroong magagandang mga tip: www.fema.gov

Maliit na Negosyo

Karamihan sa inyo ay mga may-ari ng maliit na negosyo. Ang SBA ay may mababang interes na mga pautang upang tulungan ang mga may-ari ng bahay pati na rin ang mga may-ari ng maliit na negosyo upang makabawi. Pumunta sa www.sba.gov Gayundin, siguraduhing magbigay ng napapanahong impormasyon sa pakikipag-ugnay, kabilang ang alternatibong adres pang-koreo kung kinakailangan, sa lahat ng iyong mga mangangalagal, at sa iyong mga kompanya ng seguro.

Mga Mahalagang Dokumento-Pag-iimbak

Sa California, ang State Board of Equalization [Lupon ng Estado ng Pagpapantay-pantay] ay handang tumulong. Pumunta sa www.boe.ca.gov para sa mga pinakabagong pagbabago. Sa pederal na antas, ang IRS ay nagbibigay ng mga palugit sa pag-file para sa mga residente ng mga pederal na ipinahayag na lugar ng kalamidad. Para sa mga pagbabago sa impormasyon ng IRS, pumunta sa: www.irs.gov

Buwis sa Kita

Sa California, ang State Board of Equalization [Lupon ng Estado ng Pagpapantay-pantay] ay handang tumulong. Pumunta sa www.boe.ca.gov/ para sa mga pinakabagong pagbabago. Sa pederal na antas, ang IRS ay nagbibigay ng mga palugit sa pag-file para sa mga residente ng mga pederal na ipinahayag na lugar ng kalamidad. Para sa mga pagbabago sa impormasyon ng IRS, pumunta sa: www.irs.gov